Fact Sheet ng Nag-iipon

Mag-ipon Ngayon. Umunlad Bukas.

Ang Washington Saves ay nagbibigay ng paraan para makapag-ipon ka sa iyong kinabukasan, kahit ang iyong employer ay hindi nag-aalok ng plano para sa pagreretiro.

Pinasimpleng Pag-iipon:
Tutulungan ka ng Washington Saves na magkaroon ng pinansyal na seguridad sa pamamagitan ng mga awtomatikong kontribusyon mula sa iyong payroll patungo sa sarili mong IRA (Individual Retirement Account, Indibidwal na Account sa Pagreretiro).

Awtomatikong Mag-ipon: Tax-advantaged na ipon mula mismo sa sahod mo—simple, madali, at idinisenyo para sa iyo

Ang Account Mo, ang Paglalakbay Mo: Puwedeng manatili sa iyo ang IRA mo sa bawat paglipat ng trabaho at pangyayari sa buhay

Higit pa sa Social Security: Kapag mayroon kang personal na ipon sa pagreretiro, mas malaya ka

Umunlad Bukas: Ang maliliit na kontribusyon sa ngayon ay lalaki sa paglipas ng panahon

Simulan ang Paglalakbay Mo sa 2027:
Inaasahang ilulunsad ang Washington Saves sa Hulyo 2027.

Patuloy na Kumonekta: Bumisita sa **www.wasaves.com** para matuto pa at maghandang mag-enroll.

Ang Proseso ng Iyong Landas Tungo sa Pagreretiro:

Awtomatikong Pag-enroll: Kung ikaw ay 18+ at nagtatrabaho para sa isang kalahok na employer, awtomatiko kang ie-enroll. Kontrolado mo ang iyong paglahok—umalis o bumalik anumang oras.

Bukas sa Lahat: Self-employed o nagtatrabaho para sa isang hindi kalahok na employer? Puwede ka pa ring sumali sa pamamagitan ng indibidwal na pag-enroll.

Flexible at Portable: Sasama sa iyo ang account mo. Walang hassle, walang kumplikadong dokumento, isang simple lang na menu ng mga opsyon sa pag-invest na sasama sa iyo saan ka man magtrabaho.

Ikaw ang Magtatakda sa Iyong Rate: Piliin ang halaga ng iyong kontribusyon o gamitin ang default na rate ng pag-iipon. I-adjust ito kahit kailan kasabay ng mga pagbabago sa buhay mo.

Acces sa Pag-invest:
Ang parehong mataas na kalidad na pondo sa pag-invest na iniaalok ng malalaking employer.

Washington Saves

PROGRAMA SA PAG-IIPON PARA SA PAGRERETIRO

FAQ (Frequently Asked Questions, Mga Madalas Itanong)

Aabisuhan ba ako kung awtomatiko akong ie-enroll?

Oo. Marami kang matatanggap na abiso bago ka i-enroll at habang ine-enroll ka sa lugar ng trabaho mo. Gusto naming kumpleto ang impormasyong alam mo para makagawa ka ng pasyang tama para sa iyo. Idinisenyo ang Washington Saves para padaliin at gawing accessible ang pag-iipon para sa lahat.

Mapipili ko ba kung magkano ang iipunin?

Oo. Kontrolado mo ang rate ng iyong pag-iipon at puwede mo itong i-adjust anumang oras—bago o matapos ang pag-enroll. Kung hindi ka pipili ng rate, magsisimula ka sa default na rate na itatakda ng Namamahalang Lupon ng Washington Saves (3-7% ng iyong sahod ayon sa iniaatas ng batas). Puwede mo itong baguhin anumang oras. Nagtatakda ang Internal Revenue Service (IRS) ng mga taunang limitasyon sa mga kontribusyon sa IRA.

Paano ako makakaalis sa programa?

Ganap na boluntaryo ang pagsali ng empleyado. Puwede kang umalis kahit kailan—bago o matapos ang pag-enroll. Puwede ka ring bumalik anumang oras. Sa oras na bigyang-daan ng iyong employer ang pag-enroll mo sa Washington Saves, makipag-ugnayan sa programa online o sa pamamagitan ng telepono para i-adjust ang iyong paglahok.

Mayroon bang vesting period (tagal ng paghihintay) bago ko magamit ang pera sa aking IRA?

Wala. Pag-aari at kontrolado mo ang iyong account. Palaging sa iyo ang pera mo, at maa-access mo ito anumang oras (inilalapat ang mga panuntunan sa pag-withdraw ng IRS).

Kung aalis ako rito, puwede ko bang i-access ang pera sa IRA ko?

Oo. Pag-aari mo ang iyong account at maa-access mo ang iyong pera kahit kailan, kasali ka man sa Washington Saves o hindi (inilalapat ang mga panuntunan sa pag-withdraw ng IRS).

Sino ang may-ari ng pera sa aking IRA?

Ikaw. Sa iyo ang iyong Indibidwal na Account sa Pagreretiro. Pag-aari at kontrolado mo ito, at mananatili ito sa iyo sa buong karera mo—sasama ito sa bawat trabaho mo.

Simulan ang Paglalakbay Mo sa 2027:
Inaasahang ilulunsad ang Washington Saves sa Hulyo 2027.

Patuloy na Kumonekta: Bumisita sa **www.wasaves.com** para matuto pa at maghandang mag-enroll.

Washington Saves

PROGRAMA SA PAG-IIPON PARA SA PAGRERETIRO

Binago noong 01/2026